# Gabay ukol sa adjustment benefit para sa mga inaasahang hindi makakabawas sa fixed-amount tax reduction ng ika-6 taon ng Reiwa (2024)

## 1 Ano ang「Adjustment Benefit」?

- Bilang bahagi ng komprehensibong pang-ekonomiyang mga hakbang upang ganap na malampasan ang deflation at suportahan ang pagtataas na ma presyo, isang「fixed-amount tax reduction」na 40,000 yen (30,000 yen mula sa halaga ng income tax para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024), at 10,000 yen mula sa halaga ng municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)) ang ipapatupad para sa bawat nagbabayad ng buwis at karapat-dapat na asawa (Babala 1) o dependent (Babala 2).
- Sa ganitong mga kaso, **para sa mga inaasahang hindi makakabawas sa fixed-amount tax reduction ay babayaran** ng「**Adjustment Benefit**」na kinakalkula sa pamamagitan ng pag-round up sa kabuuang halaga na mailalapat sa pinakamalapit na 10,000 yen.

(Babala 1) Ang asawang karapat-dapat para sa deduction ay isang asawang nakatira sa parehong sambahayan ng nagbabayad ng buwis (isang asawang nakatira sa nagbabayad ng buwis at hindi hihigit sa 480,000 yen ang kabuuang kita o suweldo) at ang kabuuang kita ng nagbabayad ng buwis ay hindi hihigit ng 10 milyong yen.

(Babala 2) Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa fixed-amount tax reduction, mangyaring bisitahin ang website ng Anjo City o ang website ng Cabinet Secretariat.

## 2 Tungkol sa mga karapat-dapat na makatanggap

- Ang mga naninirahan sa Anjo City noong Enero 1, 2024 at nakakatugon sa alinman o pareho sa mga sumusunod na pamantayan (1 at 2).
  1 Yaong ang kwalipikadong halaga ng fixed-amount tax reduction ng income tax (30,000 yen × bilang ng mga taong karapat-dapat para sa tax reduction) ay lumampas sa「estimated na halaga ng income tax para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024) (Halaga ng income tax para sa ika-5 taon ng Reiwa (2023)」
  2 Yaong ang kwalipikadong halaga ng fixed-amount tax reduction ng municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita (10,000 yen × bilang ng mga taong karapat-dapat para sa tax reduction) ay lumampas sa「estimated na halaga ng municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)」
  ※Ang bilang ng mga asawa at dependents na karapat-dapat sa deductions ay magde-depende sa katayuan ng pag-file ng final tax return para sa ika-5 taon ng Reiwa (2023).
  ※Hindi kasama ang mga nakatira sa ibang bansa na asawa at dependents na karapat-dapat para sa deductions.
  ※Hindi magiging kwalipikado kung ang halaga ng income tax para sa ika-5 taon ng Reiwa (2023) bago ang fixed-amount tax reduction at ang halaga ng municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024) bago ang fixed-amount tax reduction ay parehong 0 yen.
  ※Hindi kwalipikado kapag ang kabuuang kita para sa ika-5 taon ng Reiwa (2023) ay lumampas sa 18.05 million yen.

## 3 Tungkol sa halaga na matatanggap

- Ito ang kabuuan ng sumusunod na 1 at 2. (Ang kabuuan ay i-round up sa pinakamalapit na 10,000 yen.)
  1 Kwalipikadong halaga ng fixed-amount tax reduction para sa income tax ― Estimated na halaga ng income tax para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024) (estimated na halaga ng income tax para sa ika-5 taon ng Reiwa (2023)) (0 kung mas mababa sa 0)
  2 Kwalipikadong halaga ng fixed-amount tax reduction para sa municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita ― Halaga ng municipal at prefectural inhabitant tax batay sa kita para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024) (0 kung mas mababa sa 0)
- Suriin sa kumpirmasyong kasulatan ang「① Halaga at pormula ng pagkalkula ng adjustment benefit」.
  ※Kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa mga numero sa「① Halaga at pormula ng pagkalkula ng adjustment benefit」, mangyaring dalhin ang mga nauugnay na dokumentong nagpapakita ng mga pagkakaiba (withholding slip ng ika-5 taon ng Reiwa (2023), income tax return ng ika-5 taon ng Reiwa (2023), municipal and prefectural inhabitant tax・forest environment tax payment notice ng ika-6 taon ng Reiwa (2024), municipal and prefectural inhabitant tax・forest environment tax special collection tax amount notice ng ika-6 taon ng Reiwa (2024), atbp.) sa 42nd Conference room ng Western Government Building ng Anjo City Hall.

・「安城市令和６年度調整給付金」に関するお知らせを翻訳したものは、左記QRコードよりご確認下さい。
・Check the QR code on the left for information about "Anjo City FY2024 Benefit Adjustment" for foreigners.
・请扫描左侧二维码，查看关于“安城市2024年度 调整补助金”的通知（外国人版）。
・Suriin mula sa QR code sa kaliwa ang karagdagang impormasyon para sa mga dayuhan, ukol sa「Adjusment Benefit ng Anjo City para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)」.
・Vui lòng quét mã QR bên trái để xem thông báo liên quan đến "Tiền trợ cấp điều chỉnh năm 2024 Thành phố Anjo " dành cho người nước ngoài.
・Confira as informações sobre o "Benefício de Ajuste do município de Anjo ano fiscal 2024" através do código QR à esquerda

※QRコードは㈱デンソーウェーブの登録商標です。

## 4 Mga pamamaraan upang makatanggap ng benepisyo

- **Dapat mag-apply sa online o ipapadala pabalik ang kumpirmasyong kasulatan** upang makatanggap ng benepisyo.
- Maaaring gawin ang online na aplikasyon gamit ang QR code sa kanan o sa confirmation slip.
- Kung nais mong ipapadala pabalik ang kumpirmasyong kasulatan, mangyaring suriin ang nilalaman nito, punan ang mga kinakailangang impormasyon at ibalik ito kasama ng anumang mga kalakip na dokumento tulad ng mga dokumentong pagkakakilanlan.

**Mag-apply ng online dito**

↓

- Ililipat ang benepisyo sa receiving account pagkatapos suriin ang aplikasyon.

※Kung mag-a-apply ng online, ililipat ang benepisyo sa receiving account humigit-kumulang dalawang linggo pagkatapos ng aplikasyon.
※Kung ipapadala pabalik ang kumpirmasyong kasulatan, ililipat ang benepisyo sa receiving account humigit-kumulang apat na linggo pagkatapos ng petsa ng pagtanggap ng Anjo City.
※Maaaring may mga pagkaantala sa bank transfer sa panahon ng Obon at sa simula/pagtatapos din nito.

| Numero ng pakipag-ugnayan (panandaan) | Halaga ng matatanggap na adjustment benefit (panandaan) |
| --- | --- |
| | |

**※Sa mga magpapadala pabalik ng kumpirmasyong kasulatan, mangyaring magsulat ng panandaan sa numero ng pakikipag-ugnayan at halaga ng matatanggap na adjustment benefit, o magtago ng kopya ng kumpirmasyong kasulatan.**

## 5 Deadline ng pagpapadala pabalik

**Hanggang Huwebes, Oktubre 31, 2024 (bisa ng postmark)**

※Ipagpalagay na tinanggihan tanggapin ang benepisyo, kapag ang online na aplikasyon o kumpirmasyong kasulatan ay hindi naipadala pabalik bago ang deadline.
※Makikipag-ugnayan ang lungsod sa benepisyaryo, ngunit ipagpalagay na tinanggihan itong tanggapin, kapag hindi maisagawa ang paglipat dahil sa hindi kumpletong pagsasagawa ng kumpirmasyong kasulatan at walang matatanggap na pagkumpirma bago ang deadline.

## 6 Iba pa

**!**

Mag-ingat sa mga **「wire transfer scam o furikomi sagi」at「pagnanakaw ng personal na impormasyon」** tungkol sa subsidy (Adjustment Benefit para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)) para sa mga inaasahang hindi makakabawas sa fixed-amount tax reduction!

Kung nakatanggap ka ng kahina-hinalang tawag sa telepono o sulat sa iyong tahanan o lugar ng trabaho na nagsasabing mula ito sa isang lokal o pambansang pamahalaan (opisyal), mangyaring makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na istasyon ng pulisya o sa Police Consultation Line (9110).
Bukod pa rito, kung nakatanggap ka ng hindi inaasahang email na nagsasabing mula sa isang lokal na pamahalaan o ahensya ng pambansang pamahalaan, mangyaring tanggalin kaagad ang email nang hindi nagki-click sa anumang mga link o naglalagay ng anumang personal na impormasyong nakapaloob sa email.

**Call Center**

Anjo City Adjustment Benefit Call Center
(Anjo City Hall Western Government Building Conference room 42)
**0566-77-1525**
Hanggang Biyernes, Nobyembre 29, 2024
Oras ng pagtanggap: mula 9:00am hanggang 5:00pm
(hindi kasama ang Sabado at Linggo, at pista opisyal)

※Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang bawat website

(Anjo City) (Cabinet Secretariat)